# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 18, 2021, LUNES, IKA-9:35 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 22 NOV 2021 Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 11-23-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 445-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT BLG. 1 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL CENTRAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 12-T2021 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 07-T2021 NA MAY KABUUANG HALAGANG P700,000.00 MULA SA PURCHASE OF MINI DUMP TRUCK UPANG ILAAN PARA SA OTHER INFRASTRUCTURE ASSETS (P500,000.00); WELFARE GOODS EXPENSES (P150,000.00) AT DRUGS AND MEDICINE EXPENSES (P50,000.00) NA LAHAT AY NASA 20% BARANGAY DEVELOPMENT FUND NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 12-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 07-T2021 na may kabuuang halagang P700,000.00 mula sa Purchase of Mini Dump Truck upang ilaan para sa Other infrastructure Assets (P500,000.00); Welfare Goods Expenses (P150,000.00) at Drugs and Medicine Expenses (P50,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Lea A. Almarvez, at Kgg. Mark Anthony P. Joven, at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 12-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 07-T2021 na may kabuuang halagang P700,000.00 mula sa Purchase of Mini Dump Truck upang ilaan para sa Other infrastructure Assets (P500,000.00); Welfare Goods Expenses (P150,000.00) at Drugs and Medicine Expenses (P50,000.00) na lahat ay nasa 20% Barangay Development Fund ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 18, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 11-14-21